| Policy: | CONFLICT OF INTEREST | Policy #: | PB-20010 |
|---|---|---|---|
| Effective: | 05-Dec-2005 | Supercedes: | PB-20006 |
| Last Updated: | 02-Feb-2019 | Author: | Premium Brands |

### Policy Summary

It is the policy of the Company that all employees are required to conduct their financial and business affairs in such a manner as to avoid any conflicts of interest between themselves and the Company. The objective of this policy is to establish guidelines concerning conflicts of interest for all employees to minimize the possibility of such conflicts arising and to provide a means of resolution for such conflicts should they arise.

Failure to comply with this policy is considered an act of misconduct and may lead to disciplinary action, up to and including termination. All employees are expected to avoid engaging, directly or indirectly, in any business or financial transactions or activities, which are in conflict with the interests of the Company.

## DEFINITIONS

All potential conflicts of interest must be disclosed to Company's Senior Management to ensure that the Company interests are protected. Conflict of interest may relate to you, your spouse and immediate family members, and a conflict of interest may arise when decision making does not result in fully pursuing the interests of the Company.

It is important for all employees to be aware that conflicts of interest do not need to be in fact but also include activities or transactions in which such may be perceived to be a conflict. If there is any doubt, employees should seek guidance from their manager.

| Patakaran: | PAGSASALUNGAT NG INTERES | Patakaran #: | PB-20010 |
|---|---|---|---|
| Epektibo: | 05-Dec-2005 | Pinapalitan: | PB-20006 |
| Huling Binago: | 02-Feb-2019 | May Akda: | Premium Brands |

### Buod ng Patakaran

Patakaran ng Kumpanya na ang lahat ng mga empleyado ay kinakailangang magsagawa ng kanilang mga pinansiyal at pang negosyong gawain sa paraan na umiiwas sa anumang mga pagsasalungat ng interes sa pagitan ng kanilang sarili at ng Kumpanya. Ang layunin ng patakarang ito ay magtatag ng mga patnubay hinggil sa mga pagsasalungat ng interes para sa lahat ng empleyado upang mabawasan ang posibilidad ng mga naturang pagsasalungat at upang magbigay ng paraan ng resolusyon para sa gayong mga pagsasalungat sakali mang mangyari ang mga ito.

Ang kabiguang sumunod sa patakarang ito ay itinuturing na isang akto ng maling pag-aasal at maaaring humantong sa pagdidisiplina, hanggang sa at kabilang na ang pagwawakas ng tungkulin. Lahat ng mga empleyado ay inaasahang iiwasan ang pakikipag-ugnayan, direkta o di-tuwiran, sa anumang negosyo o mga transaksyong pananalapi o aktibidad, na salungat sa mga interes ng Kumpanya.

## MGA KAHULUGAN

Lahat ng mga potensyal na pagsasalungat ng interes ay dapat ibunyag sa Mataas na Pangasiwaan ng Kumpanya upang matiyak na ang interes ng Kumpanya ay protektado. Ang pagsasalungat ng interes ay maaaring kaugnay sa iyo, iyong asawa at malapit na miyembro ng pamilya, at ang pagsasalungat ng interes ay maaaring mangyari kapag ang paggawa ng desisyon ay hindi nagbunga ng lubos na pagpursige sa mga interes ng Kumpanya.

Mahalagang malaman ng lahat ng empleyado na ang mga pagsasalungat ng interes ay hindi kinakailangang maging katotohanan kundi kabilang rin ang mga aktibidad o transaksyon kung saan ito ay makikilala na isang pagsasalungat. Kung may anumang pagdududa, dapat humingi ang mga empleyado ng patnubay mula sa kanilang tagapamahala.

## SITUATIONS CONSITUTING CONFLICT OF INTEREST

The following list will serve as a guide to those types of transactions and activities that give rise to conflicts of interest with the Company and are therefore to be avoided. This list includes but is not limited to the following:

- Investing or holding an ownership interest or outside directorship in suppliers or competing companies absent the Company's knowledge and consent in which, in the determination of the Company, such investment or directorship may influence in any manner a decision or course of action of the Company.
- Obtaining a benefit or profit from a Company transaction personally or through a close relative (spouse, children, parents, brothers and sisters), absent the Company's prior knowledge and consent.
- Disclosure or unauthorized use of any proprietary information, data, or materials of the Company, or of specific corporate opportunities developed or in the process of development by the Company for personal profit or advantage.
- Borrowing from or lending to customers or suppliers.
- Competing with the Company by providing services to any outside concern, which does business with the Company or is a competitor of the Company, absent the Company's prior knowledge and consent.
- Competing with the Company in the purchase or sale of property or property rights or interests.
- Short selling Company securities or otherwise making investments or engaging in transactions by which you would obtain a benefit or profit from a decline in the value of Company securities.
- Accepting directly (or indirectly through relatives, close relative or friends / associates) gifts, entertainment, or other favours which are determined by the Company's Senior Management to be material or excessive, from an

## MGA SITWASYONG BUMUBUO SA PAGSASALUNGAT NG INTERES

Ang sumusunod na listahan ay magsisilbing gabay sa mga uri ng transaksyon at aktibidad na nagdudulot ng pagsasalungat ng interes sa Kumpanya at samakatuwid ay dapat na iwasan. Ang listahang ito ay nagtataglay ngunit hindi limitado sa mga sumusunod:

- Pamumuhunan o pagtataglay ng pag-aaari ng interes o panlabas na direktoridad sa mga tagapagtustos o kumukumpitensyang kumpanya na lingid sa kaalaman at pahintulot ng Kumpanya, kung saan sa pagpapasiya ng Kumpanya, ang nasabing pamumuhunan o direktoridad, sa anumang paraaran, ay maaaring makaimpluwensya sa desisyon o aksyong gagawin ng Kumpanya.
- Personal na pagkuha ng benepisyo o tubo mula sa isang transaksyon ng Kumpanya o sa pamamagitan ng malapit na kamag-anak (asawa, mga anak, magulang, kapatid), na lingid sa kaalamanan at pahintulot ng Kumpanya.
- Pagbubunyag o hindi awtorisadong paggamit ng anumang impormasyon, datos, o materyales ng Kumpanya, o ng mga partikular na oportunidad sa korporasyon na binuo o kasalukuyang binubuo ng Kumpanya para sa personal na kita o bentahe.
- Pag-utang mula sa o pagpapautangan sa mga parukyano o tagapagtustos.
- Pakikipagkumpetensya sa Kumpanya sa pamamagitan ng pagbibigay ng mga serbisyo sa alinmang panlabas na kinauukulan, na nakikipagnegosyo sa Kumpanya o bilang isang kakumpitensya ng Kumpanya, lingid sa kaalamanan at pahintulot ng Kumpanya.
- Pakikipagkumpetensya sa Kumpanya sa pagbili o pagbebenta ng ari-arian o karapatan sa pag-aari o mga interes.
- Short selling ng mga securities ng Kumpanya o kung hindi man ay paggawa ng mga pamumuhunan o pakikipag-transaksyon kung saan ikaw ay makakakuha ng benepisyo o kita mula sa pagbaba ng halaga ng mga securities ng Kumpanya.
- Pagtanggap nang direkta (o di-tuwiran sa pamamagitan ng mga kamag-anak, malapit na kamag-anak o kaibigan/kasamahan) ng regalo, libangan, o iba pang mga pabor na ipinasya ng Mataas na Pangasiwaan ng Kumpanya na mahalaga o marangya, mula sa isang

outside party who does or is seeking to do business with or is a competitor of the Company. Material or excessive gifts and business gratuities are not encouraged and are generally unacceptable. Where it is difficult or inappropriate to turn down a business gratuity, you must notify your manager. Gifts above a material amount must be preauthorized by the President and CEO or CFO.

- Accepting, directly or indirectly, kickbacks or payments from someone other than the Company for causing or facilitating any transaction in which the Company is involved.
- Offering, giving, soliciting or receiving any form of bribe, kickback, or improper inducement to public officials.

**GUIDELINES AND REPORTING OBLIGATIONS**

All employees are expected to periodically review their financial and business affairs to determine if any conflicts of interest exist, and to avoid any activities that may result in conflicts of interest. Where a conflict of interest exists (real or perceived), an employee is required to fully disclose in writing the conflict of interest to the senior management of the business. On receipt of such report, the senior management of the business shall, to the extent possible, maintain the records pertaining to each disclosure in confidence.

The employee who has disclosed the conflict of interest must co-operate with the senior management of the business to resolve the conflict of interest in a manner consistent with the interests of the Company. This may require that the employee refrain from or avoid certain actions or activities, which created the conflict of interest or to divest any interest which is in conflict with the Company's interests. The senior management of the business may record the resolution of the matter in writing and provide a copy to the employee.

tagalabas na partido na naghahangad na gumawa ng negosyo sa o siyang kakumpitensya ng Kumpanya. Ang mahalaga o marangyang regalo at mga pabuya sa negosyo ay hindi hinihikayat at karaniwang hindi katanggap-tanggap. Kapag mahirap o hindi karapat-dapat tanggihan ang isang pabuya sa negosyo, kailangan mong ipaalam sa iyong tagapamahala. Ang mga regalong labis na mataas ang halaga ay dapat na may paunang pahintulot ng Presidente at CEO o CFO.

- Pagtanggap, nang direkta o di-tuwiran, mga tubo/kita o kabayaran mula sa isang tao maliban sa Kumpanya para sa pagdudulot ng o pagpapadali ng anumang transaksyon kung saan ang Kumpanya ay kaugnay.
- Nag-aalok, nagbibigay, humihingi o tumatanggap ng anumang uri ng suhol, tubo/kita, o hindi wastong paghihimok sa mga pampublikong opisyal.

**MGA PATNUBAY AT OBLIGASYON SA PAG-UULAT**

Lahat ng empleyado ay inaasahang suriin sa bawat panahon ang kanilang mga pinansiyal at pang negosyong gawain upang malaman kung may anumang umiiral na pagsasalungat sa interes, at upang maiwasan ang anumang mga gawain na maaaring magresulta sa mga pagsasalungat na interes. Kung saan mang may umiiral na pagsasalungat ng interes (tunay o nakilala), ang isang empleyado ay kinakailangang ganap na magsiwalat nito sa pamamagitan ng pagsulat sa mataas na pangasiwaan ng negosyo. Sa pagtanggap ng gayong ulat, ang mataas na pangasiwaan ng negosyo, hangga't maaari, ay pananatilihing kumpidensyal ang mga talaang kaugnay sa bawat isang pagsisiwalat.

Ang empleyadong nagbunyag ng pagsasalungat ng interes ay dapat makipagtulungan sa mataas na pangasiwaan ng negosyo upang malutas ang pagsasalungat ng interes sa isang paraan na naaayon sa interes ng Kumpanya. Ito ay maaaring mangailangan na ang empleyado ay magpigil mula o iwasan ang ilang mga aksyon o mga gawain, na naglikha ng pagsasalungat ng interes o upang mag-alis ng anumang interes na kung saan ay salungat sa interes ng Kumpanya. Ang mataas na pangasiwaan ng negosyo ay maaaring itala ang resolusyon ng bagay ito sa pamamagitan ng pagsulat at pagbigay ng kopya sa empleyado.

Any non unionized employee who has knowledge of a conflict of interest involving any other employee of the Company is required to report the conflict of interest to the senior management of the business and / or the Company, as applicable. Any unionized employee can speak to their union representative for further guidance.

Violations of this policy must be reported to your manager. Violation of this policy may result in disciplinary action, including one or more of the following:

- A written warning placed in the employee's file.
- Suspension or termination.

**INTERPRETATION AND REVIEW**

Any questions regarding the application of this policy should be directed to the senior management of the business or the Company. However, the Company's Chief Financial Officer has final authority to interpret and resolve any questions regarding the application of the contents, and spirit, of this policy.

The Company's Chief Financial Officer, or delegate, will review this policy on an annual basis and implement any changes as necessary.

Sinomang mga empleyadong hindi kasapi ng unyon na may kaalaman sa isang pagsasalungat ng interes na nasasangkot ang sinumang empleyado ng Kumpanya ay kinakailangang mag-ulat ng pagsasalungat ng interes sa mataas na pangasiwaan ng negosyo at / o ang Kumpanya, kung angkop. Sinomang mga empleyado na kasapi ng unyon ay maaaring makipag-usap sa kanilang mga kinatawan sa unyon para sa karagdagang patnubay.

Ang mga paglabag sa patakarang ito ay dapat iulat sa iyong tagapamahala. Ang paglabag sa patakarang ito ay maaaring magresulta sa pagdidisiplina, kabilang na ang isa o mahigit pa sa mga sumusunod:

- Isang nakasulat na babala na inilagay sa talaan ng empleyado.
- Suspensyon o pagwawakas ng tungkulin.

**INTERPRETASYON AT PAGSUSURI**

Alinmang mga katanungan tungkol sa aplikasyon ng patakarang ito ay dapat idirekta sa mataas na pangasiwaan ng negosyo o ng Kumpanya. Gayunman, ang Punong Pananalaping Opisyal ng Kumpanya ay may huling awtoridad sa interpretasyon at paglutas ng anumang katanungan tungkol sa aplikasyon ng mga nilalaman, at diwa, ng patakarang ito.

Ang Punong Pananalaping Opisyal ng Kumpanya, o kinatawan, ay susuriin ang patakarang ito sa taunang batayan at ipatutupad ang anumang pagbabago kung kinakailangan.